

TAUNANG ULAT SA KALIDAD NG TUBIG

2023

**This report contains important information about your drinking water.
Translate it or speak with someone who understands it.**

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Si requiere una copia en español, marque el 650-589-1435 y solicite una.

本报告中包含有关我们的饮用水的重要信息。翻译这份报告，或与了解的人谈一谈。

Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa ating iniinom na tubig. Isaling-wika ito, o makipag-usap sa isang taong naiintindihan ito.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon tungkol sa ulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan kay Patricia Mairena, General Manager, o kay Johnny Kennedy, Field Supervisor, sa 650-589-1435 o mag-email sa District sa wwd@westboroughwater.org.

2023 | WWD Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig

Pinagkukunan at Paglilinis ng Ating Inuming Tubig

Nagbibigay ng tubig ang San Francisco Public Utilities Commission sa 2.7 milyong mga kostumer sa mga lungsod at bayan sa rehiyon sa pamamagitan ng San Francisco Regional Water System (SFRWS), na may napakataas na kalidad ng tubig na pumapasa sa lahat ng pamantayang pederal at estado. Dedikado sila sa pagbibigay ng mataas na kalidad ng inuming tubig para sa lahat ng kanilang mga kostumer.

Bumibili ang Westborough Water District ng 100% ng kanilang tubig mula sa San Francisco Public Utility Commission (SFPUC). Ang suplay ng inuming tubig ng SFRWS ay binubuo ng tubig sa ibabaw at sa ilalim ng lupa na pinoprotektahan nang mabuti at maingat na pinamamahalaan. Iba-iba ang mga pinanggagalingan at lokasyon ng mga pinagkukunan na ito, na may tubig sa ibabaw ng lupa na nakaimbak sa mga imbakan ng Sierra Nevada, Alameda County, at San Mateo County, pati na rin ang tubig sa ilalim ng lupa na nakaimbak sa isang malalim na aquifer sa hilagang bahagi ng San Mateo County. Isang mahalagang bahagi ng aming maikli at pangmatagalang estratehiya sa pamamahala ng suplay ng tubig ang pagpapanatili ng iba't ibang pinagkukunan. Pinoproteksyunan tayo ng magkakaibang pinagkukunan mula sa posibleng pagkagambala dulot ng mga emergency o likas na sakuna, nagbibigay ng katatagan sa panahon ng tagtuyot, at tumutulong sa atin na matiyak ang pangmatagalan at napapanatiling suplay ng tubig habang tinutugunan natin ang mga problema tulad ng hindi tiyak na klima, pagbabago sa regu-

lasyon, at paglaki ng populasyon.

Para matugunan ang pamantayan sa inuming tubig para sa pagkonsumo, lahat ng pinagkukunan ng tubig sa ibabaw ng lupa kasama ang mga pinagkukunan sa itaas ng Hetch Hetchy ay sumasailalim sa paglilinis bago ito maihatid sa aming mga kostumer. Habang ang tubig mula sa Hetch Hetchy Reservoir ay hindi saklaw ng mga kinakailangan sa pagsasala ng estado at pederal, ito ay sumasailalim sa sumusunod na paglilinis bago maihatid para sa inyong pagkonsumo: pagdidisimpekta gamit ang ultraviolet light at chlorine, pagsasaayos ng pH para sa pinakamainam na kontrol sa korosyon, paglalagay ng flouride para sa proteksyon sa kalusugan ng ngipin, at paggamit ng chlorine para sa pagpapanatili ng natitirang pandisimpekta at pagpapababa sa pamumuo ng mga kino-kontrol na byproduct ng pandisimpekta. Dinadala sa Sunol Valley Water Treatment Plant ang tubig mula sa mga lokal na imbakan sa Bay Area sa Alameda County at mga pinagkukunan sa itaas ng Hetch Hetchy; samantalang ang tubig mula sa mga lokal na imbakan sa San Mateo County ay dinadala sa Harry Tracy Water Treatment Plant. Ang paglilinis ng tubig sa mga plantang ito ay binubuo ng pagsasala, pagdidisimpekta, paglalagay ng flouride, pinakamainam na kontrol sa korosyon, at pagtanggap ng lasa at amoy. Noong 2023, hindi ginamit ng SFRWS ang mga pinagkukunan sa itaas ng Hetch Hetchy o tubig sa ilalim ng lupa. ■



Kalidad ng Tubig

Regular na nangongolekta at nagte-test ng mga sample ng tubig ang SFRWS mula sa mga imbakan at mga itinakdang lokasyon ng pagkuha ng sample sa buong sistema nito para matiyak na ang tubig na dinala sa inyo ay sumusunod sa lahat ng pampederal at pampamahalaang pamantayan sa inuming tubig. Noong 2023, nagsagawa ang SFRWS ng higit sa 49,610 na mga test sa inuming tubig sa mga pinagkukunan, sistema ng transmisyon, at distribusyon. Bukod pa ito sa kanilang malawak na proseso ng pagsubaybay ng kontrol sa paglilinis na isinasagawa ng mga sertipikadong operator at mga online na instrumento.

Habang ang tubig ay dumaraan sa ibabaw o sa ilalim ng lupa, tinutunaw nito ang mga likas na nagaganap na mineral at, sa

ilang kaso, ang radioactive na materyal, at maaaring makakuha ng mga substansiya na nagmumula sa mga hayop o aktibidad ng tao. Sa kabuuan, tinatawag ito na mga kontaminante. Kaya't maaaring inaasahan na ang inuming tubig, kasama na ang nasa bote, ay maglalaman ng kaunting mga kontaminante. Ang pagkakaroon ng mga kontaminante ay hindi naman nagpapahiwatig na nagdudulot ng panganib sa kalusugan ang tubig. Para matiyak na ligtas inumin ang tubig sa gripo, ang United States Environmental Protection Agency at ang State Water Resources Control Board ay nagtatakda ng mga regulasyon na naglilimita sa ilang mga kontaminante sa tubig na ibinibigay ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtatag ng mga limitasyon ang mga regulasyon ng United States Food and Drug Administration at ng batas ng California para sa mga kontaminante sa tubig na nasa bote na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan. ■

Datos sa Kalidad ng Tubig ng WWD para sa Taon ng Kalendaryo 2023

Snapshot ng kalidad ng tubig noong nakaraang taon ang ulat na ito. Naglalaman ng mga natuklasang kontaminante sa ating inuming tubig noong 2023 at ang impormasyon tungkol sa kanilang mga karaniwang pinagkukunan ang mga talahanayan sa ibaba. Hindi ipinapakita ang mga kontaminante na hindi umabot sa mga limitasyon ng pagtukoy para sa ulat, alinsunod sa gabay ng regulasyon. Mayroong monitoring waiver ang San Francisco Public Utilities Commission mula sa State Water Resources Control Board para sa ilang kontaminante sa ating mga suplay ng tubig sa ibabaw at sa ilalim ng lupa, kaya hindi kailangang taun-taon ang kanilang mga pagsubaybay. Bisitahin ang [SFPUC.org/WaterQuality](https://www.sfpuc.org/WaterQuality) para sa listahan ng lahat ng mga parameter ng kalidad ng tubig na sinubaybayan sa parehong hindi naprosesong tubig at nilinis na tubig noong 2023.

MGA NATUKOY NA KONTAMINANTE¹

▼ TURBIDITY	Unit	MCL	PHG o (MCLG)	Nakitang Saklaw o Antas	Average o [Max]	Mga Karaniwang Pinagkukunan ng Inuming Tubig
Hindi Nasalang Hetch Hetchy Water	NTU	5	N/A	0.3 - 0.9 ⁽²⁾	[2]	Naanod na lupa
Sinalang Tubig mula sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP)	NTU	1 ⁽³⁾	N/A	–	[0.2]	Naanod na lupa
	–	Min 95% ng mga sample ≤ 0.3 NTU ⁽³⁾	N/A	100%	–	Naanod na lupa
Sinalang Tubig mula sa Harry Tracy Water Treatment Plant (HTWTP)	NTU	1 ⁽³⁾	N/A	–	[0.6]	Naanod na lupa
	–	Min 95% ng mga sample ≤ 0.3 NTU ⁽³⁾	N/A	99.4% - 100%	–	Naanod na lupa
▼ PAGDISIMPEKTA NG MGA BYPRODUCT NG PRECURSOR						
Kabuuang Trihalomethanes	ppb	80	N/A	13.3 - 24.6	24.6 ⁽⁴⁾	Byproduct ng pandisimpekta ng inuming tubig
Limang Haloacetic Acid	ppb	60	N/A	7.7 - 20.0	20.0 ⁽⁴⁾	Byproduct ng pandisimpekta ng inuming tubig
Bromate	ppb	10	0.1	ND - 1.7	[1] ⁽⁵⁾	Byproduct ng pandisimpekta ng inuming tubig
Kabuuang Organic Carbon ⁽⁶⁾	–	TT (% Removal Ratio)	N/A	1.2 - 1.8	[1.5] ⁽⁵⁾	Iba't ibang likas at gawang-tao na pinagkukunan
▼ MICROBIOLOGICAL						
<i>E. coli</i> ⁽⁷⁾	–	0 PS	(0)	–	Zero Positive	Dumi ng tao o hayop
<i>Giardia lamblia</i>	cyst/L	TT	(0)	0 - 0.13	0.03	Likas na naroroon sa kapaligiran
▼ MGA HINDI ORGANIKO						
Fluoride ⁽⁸⁾	ppm	2.0	1	0.4 - 2.6	0.6	Pagkasira ng likas na mga deposit; additive ng tubig para mapalakas ang mga ngipin
Nitrate (as N)	ppm	10	10	ND - 0.6	ND	Pagkasira ng likas na mga deposit
Chloramine (as chlorine)	ppm	MRDL = 4.0	MRDLG = 4	0.41 - 3.69	3.69 ⁽⁵⁾	Pandisimpekta na idinadagdag sa inuming tubig para sa paglilinis

KEY

< / ≤ = mas maliit kaysa sa / mas maliit o pantay sa
 AL = Action Level
 Max = Maximum
 Min = Minimum
 N/A = Hindi Available

ND = Non-detect
 NL = Notification Level
 NTU = Nephelometric Turbidity Unit
 ORL = Iba Pang Antas ng Pag-regulate
 ppb = parts per billion

ppm = parts per million
 PS = Bilang ng Positibong Sample
 μS/cm = microSiemens / centimeter

MGA NATUKOY NA KONTAMINANTE¹

▼ MGA BAHAGI NA MAY PANGALAWANG PAMANTAYAN

	Unit	SMCL	PHG	Saklaw	Average	Mga Karaniwang Pinagkukunan ng Inuming Tubig
Aluminum ⁽⁹⁾	ppb	200	600	ND - 82	ND	Pagkasira ng likas na mga deposit; mga residue ng paglilinis ng ilang tubig sa ibabaw ng lupa
Chloride	ppm	500	N/A	< 3 - 17	8.7	Pagdalo / pagtagas mula sa likas na mga deposit
Kulay	Unit	15	N/A	< 5 - 5	< 5	Mga likas na nagaganap na organikong mga materyal
Iron	ppb	300	N/A	< 6 - 42	19	Pagtagas mula sa likas na mga deposit
Manganese	ppb	50	N/A	< 2 - 4.6	2.6	Pagtagas mula sa likas na mga deposit
Partikular na Kakayahan sa Pagdadala ng Kuryente	µS/cm	1600	N/A	32 - 289	175	Mga substansiya na bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig
Sulfate	ppm	500	N/A	1.2 - 36	17	Pagdalo / pagtagas mula sa likas na mga deposit
Kabuuang Natunaw na mga Sangkap	ppm	1000	N/A	< 20 - 153	84	Pagdalo / pagtagas mula sa likas na mga deposit
Turbidity	NTU	5	N/A	0.1 - 0.6	0.3	Naanod na lupa

▼ LEAD AT COPPER

	Unit	AL	PHG	Saklaw	90th Percentile	Typical Sources in Drinking Water
Copper	ppb	1300	300	12 - 130 ⁽¹⁰⁾	66.2	Internal na korosyon ng mga sistemang pantubig sa loob ng bahay
Lead	ppb	15	0.2	0 - 3.9 ⁽¹¹⁾	0	Internal na korosyon ng mga sistemang pantubig sa loob ng bahay

▼ MGA PARAMETER SA KALIDAD NG TUBIG NA HINDI KINOKONTROL

	Unit	ORL	Saklaw	Average
Alkalinity (as CaCO ₃)	ppm	N/A	3.1 - 103	46
Boron	ppb	1000 (NL)	22 - 65	40
Calcium (as Ca)	ppm	N/A	2.9 - 24	13
Chlorate ⁽¹²⁾	ppb	(800) NL	30 - 749	141
Chromium (VI)	ppb	N/A	0.11 - 0.35	0.23
Katigasan (as CaCO ₃)	ppm	N/A	7.5 - 86	46
Magnesium	ppm	N/A	0.2 - 8.4	4.7
pH	-	N/A	8.4 - 9.8	9.2
Potassium	ppm	N/A	0.3 - 1.7	1
Silica	ppm	N/A	4.4 - 9.4	6.2
Sodium	ppm	N/A	2.7 - 20	14
Strontium	ppb	N/A	14 - 331	139

KEY

< / ≤	=	mas maliit kaysa sa / mas maliit o pantay sa
AL	=	Action Level
Max	=	Maximum
Min	=	Minimum
N/A	=	Hindi Available
ND	=	Non-detect
NL	=	Notification Level
NTU	=	Nephelometric Turbidity Unit
ORL	=	Iba Pang Antas ng Pag-regulate
ppb	=	parts per billion
ppm	=	parts per million
PS	=	Bilang ng Positibong Sample
µS/cm	=	microSiemens / centimeter

Mga Footnote

- Naabot ng lahat ng resulta ang mga pamantayan sa kalusugan ng inuming tubig ng Estado at Pederal.
- Ito ang mga buwanang average na halaga ng turbidity na sinusukat kada 4 na oras araw-araw.
- Isa itong pangangailangan ng TT para sa mga sistema ng pagsala.
- Ito ang pinakamataas na tumatakbong taunang average sa halaga ng lokasyon.
- Ito ang pinakamataas na tumatakbong taunang average sa halaga.
- Ang kabuuang organikong karbon (TOC) ay isang prekursor para sa pagbuo ng mga byproduct ng pandisimpekta. Naaangkop lamang ang pangangailangan ng TT sa tubig na inilinis mula sa SVWTP. Noong 2023, ang saklaw ng mga antas ng TOC ng output ng SVWTP ay nasa 0.6 ppm - 3.3 ppm.
- ND ang likas na fluoride sa pinagmulang Hetch Hetchy. Ang mataas na antas ng fluoride sa hindi naprosesong tubig papunta sa mga planta ng paglilinis ng tubig ay sanhi ng paglipat ng may flouride na tubig mula sa Hetch Hetchy papunta sa lokal na imbakan. Noong 2023, ang average na antas ng fluoride sa mga pinagmulang hindi naprosesong tubig ay 0.3 mg/L.
- Mayroon din ang aluminum ng pangunahing MCL na 1,000 ppb.
- Noong 2022 ang pinakabagong pagsubaybay sa Lead at Copper Rule Wala sa 30 sample na inumpisahan sa mga gripo ng konsumer ang may mga concentration ng copper na lampas sa AL.
- Noong 2022 ang pinakabagong pagsubaybay sa Lead at Copper Rule Wala sa 30 sample na inumpisahan sa mga gripo ng konsumer ang may mga concentration ng lead na lampas sa AL.
- Ang natuklasang chlorate sa inilinis na tubig ay isang produkto ng pagpapababa sa sodium hypochlorite na ginagamit ng SFRWS para sa pagdisimpekta ng tubig.

Maaaring makakuha ng karagdagang datos sa kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag kay Patricia Mairena, General Manager ng WWD, o kay Johnny Kennedy, Field Supervisor ng WWD, sa 650-589-1435 o sa SFPUC Water Quality Division sa 877-737-8297.

Mga Kontaminante at Regulasyon

Sa pangkalahatan, ang mga pinagkukunan ng inuming tubig (parehong tubig sa gripo at tubig na nasa bote) ay kinabibilangan ng mga ilog, lawa, karagatan, mga ilog, mga lawa, imbakan, bukal, at mga balon. Ang tubig mula sa mga pinagmulang ito ay maaaring magdala ng mga kontaminante sa mga sumusunod na anyo:

Mga mikrobyal na kontaminante, tulad ng mga virus at bacteria na maaaring nagmumula sa mga planta ng paglilinis ng imburnal, sistema ng poso negro, operasyon ng agrikultura sa pag-aalaga ng hayop, at mga hayop sa parang.

Mga hindi organikong kontaminante, tulad ng mga asin at metal, na maaaring likas na nagaganap o resulta ng pagdaloy ng tubig-ulan mula sa matataong lugar, industriyal o paglabas ng maruruming tubig mula sa mga bahay, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagsasaka.

Mga pesticide at herbicide na maaaring nagmumula sa iba't ibang pinanggalingan tulad ng agrikultura, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa matataong lugar, at mga ginagamit sa tirahan.

Mga organikong kemikal na kontaminante, kabilang ang mga sintetiko at sumingaw na organikong kemikal na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon ng petrolyo, at maaari ring magmula sa mga gas station, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa matataong lugar, aplikasyon sa agrikultura, at sistema ng poso negro.

Mga radioactive na kontaminante, na maaaring likas na nagaganap o resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad ng pagmimina.

Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga kontaminante at potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa United States Environmental Protection Agency's Safe Drinking Water Hotline sa 800-426-4791, o sa www.epa.gov/safewater

Mahahalagang Termino sa Kalidad ng Tubig

Narito ang kahulugan ng mga pangunahing termino na tumutukoy sa mga pamantayan at layunin ng kalidad ng tubig na binanggit sa talahanayan ng datos.

Goal ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Goal, PHG): Ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig na mas mababa sa kung saan walang nalalaman o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ng California Environmental Protection Agency ang mga PHG.

Goal na Maximum na Antas ng Kontaminante (Maximum Contaminant Level Goal, MCLG): Ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig na mas mababa sa kung saan walang nalalaman o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ng Unit Environmental Protection Agency ang mga MCLG.

Maximum na Antas ng Kontaminante (Maximum Contaminant Level, MCL): Ang pinakamataas na antas ng isang kontaminante na pinapayagan sa inuming tubig. Itinatakda ang mga pangunahing MCL nang malapit sa mga PHG o MCLG sa aspeto ng pang-ekonomiya at pang-teknolohiya. Itinatakda ang mga pangalawang MCL (SMCL) para protektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.

Maximum na Antas ng Natitirang Pandisimpekta (Maximum Residual Disinfectant Level, MRDL): Ang pinakamataas na antas ng isang pandisimpekta na pinapayagan sa inuming tubig. May nakakakumbinsing ebidensya na ang pagdaragdag ng pandisimpekta ay kinakailangan para sa pagkontrol ng mga mikrobyal na kontaminante.

Goal na Maximum na Antas ng Natitirang Pandisimpekta (Maximum Residual Disinfectant Level Goal, MRDLG): Ang antas ng isang pandisimpekta sa inuming tubig na mas mababa sa kung saan walang nalalaman o inaasahang panganib sa kalusugan. Hindi nagpapakita ang mga MRDLG ng mga benepisyo ng paggamit ng mga pandisimpekta para sa pagkontrol ng mikrobyal na kontaminante.

Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig (Primary Drinking Water Standard, PDWS): Mga MCL at MRDL para sa mga kontaminante na nakaaapekto sa kalusugan kasama ang kanilang mga kinakailangang pagsubaybay at pag-uulat, at mga kinakailangang paglilinis ng tubig.

Regulatory Action Level: Konsentrasyon ng isang kontaminante na kung lumampas dito, nagpapasimula ng mga kinakailangang paglilinis o iba pang mga kinakailangan na dapat sundin ng isang sistema ng tubig.

Treatment Technique (TT): Isang kinakailangang proseso na layuning bawasan ang antas ng isang kontaminante sa inuming tubig.

Turbidity: Isang indicator ng kalinawan ng tubig na nagmamarka sa pagiging malabo ng tubig at ginagamit din para ipakita ang kahusayan ng sistema ng pagsala. Maaaring makahadlang ang mataas na turbidity sa epektibong paggamit ng mga pandisimpekta.



Mangyaring ipamahagi ang Ulat sa Kalidad ng Tubig na ito at gawing available sa lahat, kasama na ang mga tenant, mga empleyado, miyembro ng homeowner association, atbp. Tinatanggap ng Distrito ang pagkakataon para sa partisipasyon ng publiko sa pag-uusap tungkol sa Ulat sa Kalidad ng Tubig. Idinaraos ang mga pulong ng Board ng 7:30 p.m. sa opisina ng Distrito tuwing ikalawang Huwebes ng bawat buwan.

Board of Directors ng WWD

President: Tom Chambers **Vice President:** Don Amuzie

Mga Director: Julie L. Richards, Perry H. Bautista, Janet G. Medina

WWD Management

General Manager: Patricia Mairena

Idinaraos ang mga pulong ng Westborough Water District Board tuwing ikalawang Huwebes ng bawat buwan sa ganap na 7:30 p.m. sa aming District Office Board Room na mataagpuan sa 2263 Westborough Boulevard, South San Francisco, CA 94080. Inaanyayahan ang publiko na makilahok sa mga desisyon na maaaring makaapekto sa kalidad ng tubig.

Proteksyon ng mga Watershed

Nagpapatakbo ng mga survey sa kalinisan ng watershed ang SFRWS para sa kanilang pinagmumulang Hetch Hetchy taun-taon, at bawat limang taon para sa kanilang mga lokal na pinagkukunan ng tubig at mga pinagkukunan sa malalayong lugar na hindi galing sa Hetch Hetchy. Natapos noong 2021 ang pinakabagong sanitary survey para sa watershed na hindi galing sa Hetch Hetchy para sa panahon ng 2016-2020. Lahat ng survey na ito kasama ang aming mahigpit na mga aktibidad sa pamamahala ng proteksyon sa watershed ay natapos nang may suporta mula sa mga ahensyang kasosyo kabilang ang National Park Service at United States Forest Service. Layunin ng

mga taunan at limang-taunang survey na ito na masuri ang mga kalagayan sa kalinisan at kalidad ng tubig ng mga watershed at suriin ang mga resulta ng mga aktibidad sa pamamahala ng watershed na isinagawa sa mga nakaraang taon. Nananatiling posibleng pinagmumulan ng kontaminasyon ang malalaking sunog, mga hayop sa parang, pag-aalaga ng mga hayop at mga aktibidad ng mga tao. Maaari kayong makipag-ugnayan sa San Francisco District office ng State Water Resources Control Board's Division of Drinking Water sa 510-620-3474 para sa higit pang impormasyon. ■



Mga Espesyal na Pangan-gailangan sa Kalusugan

May ilang tao na maaaring mas madaling maapektuhan ng mga kontaminante sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong mahihina ang imyunidad, tulad ng mga may cancer na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa organ transplant, mga taong may Human Immunodeficiency Virus (HIV) / Acquired Immunodeficiency Syndrome (AIDS) o iba pang mga sakit sa immune system, at ilang mga matatanda at sanggol, ay maaaring may mas malaking tsansa na magkaroon ng impeksyon. Dapat humingi ng payo ang mga taong ito tungkol sa pag-inom ng tubig mula sa kanilang mga provider sa pangangalagang pangkalusugan.

Isang parasitikong mikrobyo ang *Cryptosporidium* na matatagpuan sa karamihan ng mga tubig sa ibabaw ng lupa. Regular na nagte-test ang SFRWS para sa mikrobyong ito sa tubig na nagdudulot ng sakit at natatagpuan sa napakababang antas ng pinagkukunan ng tubig at nilinis na tubig noong 2023. Gayunpaman, ang mga kasalukuyang paraan sa pagte-test na aprubado ng United States Environmental Protection Agency ay hindi nakakakilala sa pagitan ng mga patay na organismo at sa mga may kakayahan na magdulot ng sakit. Ang pag-inom ng *Cryptosporidium* ay maaaring magdulot ng sintomas ng pagdu-duwal, pananakit ng tiyan, diarrhea, at mga nauugnay na sakit sa ulo. Kailangang mapunta sa katawan ang *Cryptosporidium* para magdulot ng sakit, at maaaring kumalat ito sa pamamagitan ng iba pang mga paraan bukod sa pag-inom ng tubig.

Ang mga gabay ng United States Environmental Protection Agency at ng Centers for Disease Control and Prevention sa tamang paraan para mabawasan ang panganib ng impeksyon mula sa *Cryptosporidium* at iba pang mikrobyal na kontaminante ay available mula sa United States Environmental Protection Agency's Safe Drinking Water Hotline sa 800-426-4791 o sa www.epa.gov/safewater ■

Pagtuklas ng Boron na Lampas sa Notification Level sa Pinagkukunan ng Tubig

Noong 2023, natuklasan ang boron sa antas na 1.7 ppm sa hindi naprosesong tubig na nakaimbak sa Pond F3 East, isa sa mga aprubadong pinagkukunan ng San Francisco Regional Water System sa Alameda Watershed. Katulad na antas ang natuklasan din dati sa parehong lawa. Bagaman ang natuklasang halaga ay lampas sa California Notification Level (NL) na 1 ppm, ang tubig ay karaniwang dinadala sa San Antonio Reservoir kung saan ito ay lubos na na-dilute pababa sa NL bago iproseso sa Sunol Valley Water Treatment Plant. Isang elemento sa kalikasan ang Boron at karaniwang nailalabas sa hangin at tubig kapag ang mga lupa at bato ay likas na naaapektuhan ng iba't ibang lagay ng panahon. ■

Tuntunin sa Pagsubaybay sa Kontaminanteng Hindi Saklaw ng mga Regulasyon

Nagsagawa ang SFRWS ng apat na magkakasunod na quarter ng pagsubaybay sa mga itinakdang lokasyon na aprubado ng United States Environmental Protection Agency noong 2023, at lahat ng resulta ay hindi natukoy. ■

Walang Natukoy na PFAS

Ang mga per- at poly-fluoroalkyl substance (PFAS) ay binubuo ng isang grupo ng pangmatagalang kemikal na gawa ng tao, na ginagamit sa industriya at mga produktong para sa mga mamimili mula noong mga 1940. Wala kaming natukoy na PFAS sa ating tubig. Para matuto pa, bisitahin ang waterboards.ca.gov/pfas ■